# Pagsuporta sa mga mag-aaral na may mga kapansanan

Setyembre 12, 2023 Mga katanungan sa media

## Ang pamahalaan ng Alberta ay namumuhunan ng $5 milyon para sa taon ng paaralang 2023-24 upang suportahan ang mga mag-aaral na may mga mababang insidente ng kapansanan.

Ang mga mababang insidente ng kapansanan ay nakakaapekto sa humigit-kumulang ng 7,500 mga mag-aaral sa Alberta, o humigit-kumulang isang porsyento ng kabuuang populasyon ng mga mag-aaral, at kasama ang mga mag-aaral na bulag o may kapansanan sa paningin, bingi o mahina ang pandinig, bingi at bulag, o mga may kumplikadong pangangailangan sa komunikasyon.

Ang pagpopondo sa Mga Suporta at mga Serbisyo sa Mababang Insidente [Low Incidence Supports and Services (LISS)] ay nagbibigay-daan sa mga awtoridad ng paaralan na kumuha at magsanay ng mga dalubhasang propesyonal at magbigay ng kagamitan at mga mapagkukunang pang-edukasyon, na binabawasan ang mataas na halaga ng espesyal na teknolohiya at mga serbisyong kailangan ng ilang mga mag-aaral upang ganap na makakuha ang kanilang edukasyon.

“Sa pagpopondo na ito, ang mga paaralan ay maaaring magkaroon ng mas maraming mga espesyalista upang tulungan ang mga mag-aaral na may mababang insidente ng kapansanan. Ang nagkakaisang konserbatibong pamahalaan ng Alberta ay matatag na naniniwala sa pagprotekta at pagsuporta sa ating mga mahihinang estudyante. Bilang resulta ng pagpopondo na ito, maaaring sagutin ng mga paaralan ang mga gastos sa mga serbisyo at kagamitan na kailangan para matulungan ang mga bulag, may kapansanan sa paningin, bingi, bingi at bulag o may iba pang kumplikadong pangangailangan sa komunikasyon.”

*Demetrios Nicolaides, Ministro ng Edukasyon*

Sa pagkilala sa magkakaibang mga pangangailangan ng katawan ng mag-aaral sa Alberta, at upang matiyak na ang mga pondo ay nakadirekta kung saan sila higit na kailangan, direktang ipagkakaloob ang pagpopondo sa mga pampubliko at hiwalay na lupon ng paaralan, mga pampublikong tsarter na paaralan at mga awtoridad sa rehiyon na nagsasalita ng Pranses na kinkilala ang pangangailangan para sa mga karagdagang suporta. Ang pagpopondo para sa bawat awtoridad ng paaralan ay depende sa bilang ng mga mag-aaral na nakakatugon sa mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat at sa mga lokasyon ng mga awtoridad ng paaralan upang matiyak ang naaangkop na pagpopondo para sa mga kanayunan at malayuang rehiyon.

## Mabilis na mga katotohanan

- Inaatasan ng *Batas sa Edukasyon [Education Act]* na ang mga awtoridad ng paaralan na tukuyin ang mga mag-aaral na may mababang insidente ng kapansanan at magbigay ng mga kinakailangang suporta na kailangan nila para sa kanilang edukasyon.
- Ang pagpopondo ng LISS ay dumarating bilang karagdagan sa taunang kaloob na Suporta sa Espesyal na Pag-aaral [Specialized Learning Support] na ibinibigay sa lahat ng awtoridad ng paaralan, na tumutulong upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan sa pag-aaral ng mga bata sa kanilang mga paaralan.
- Mga halimbawa ng mga karapat-dapat na gastos:
    - Mga serbisyong ibinibigay ng pangkat ng pag-aaral na nakabatay sa paaralan ng mag-aaral, na maaaring kabilang ang:
        - mga guro ng bingi at mahina ang pandinig
        - mga guro ng bulag o may kapansanan sa paningin
        - pang-edukasyon na mga audiologist
        - mga tagasalin ng senyas na wika [sign language]
        - mga espesyalista sa oryentasyon at kadaliang kumilos
        - mga katulong ng braille
        - mga occupational therapist
        - mga espesyalista sa pagka-ayos at alternatibong komunikasyon
        - mga patolohiya ng wika sa pagsasalita
        - mga sikologo
    - Pantulong na teknolohiya, mga mapagkukunan, mga materyales at mga pagbabago sa kapaligiran upang matugunan ang mga pangangailangan sa pagkuha sa edukasyon na partikular sa mag-aaral.

    - Propesyonal na pag-unlad, pagsasanay, mga workshop at mga kumperensya na umaayon sa mga pangangailangan sa pagsasanay para sa mga dalubhasang kawani na direktang sumusuporta sa mga mag-aaral na may mga mababang insidenteng kapansanan

## Mga kaugnay na balita

- Higit pang pondo para sa mga mag-aaral na may mga kapansanan (Pebrero 1, 2023)